

Tumataas ang mga Panganib ng Baha Pagkatapos ng mga Sunog

Nagkakaroon ng malaking pagbabago sa mga kundisyon ng lupa dahil sa mga malawakang wildfire. Karaniwang sinisipsip ng mga halaman ang tubig-ulan, na nakakabawas sa pag-agos ng tubig. Gayunpaman, dahil sa mga wildfire, nasusunog at natitigang ang lupa, at hindi na nito nakakayang sumipsip ng tubig, na nagdudulot ng mga kundisyong nanganganib sa biglaang pagbaha at pag-agos ng putik.

Baha Pagkatapos ng Sunog: Ang Tumaas na Panganib

Ang mga pagbaha ang pinakakaraniwan at pinakamagastos na natural na panganib sa bansa. Ito man ay dulot ng malakas na ulan, mga pagkulong at pagkidlat, o mga bagyo sa taglamig, maaaring makapaminsala ang mga resulta ng pagbaha. Bagama't may ilang pagbaha na naiipon sa paglipas ng panahon, ang mga biglaang pagbaha—partikular na karaniwan pagkatapos ng mga wildfire—ay maaaring mangyari sa loob lang ng ilang minuto pagkatapos magsimula ang isang bagyo. Nanganganib dito maging ang mga lugar na hindi karaniwang binabaha, dahil sa mga pagbabago sa landscape na dulot ng sunog. Kailangang protektahan ngayon ng mga residente ang kanilang mga tahanan at personal na ari-arian sa pamamagitan ng insurance para sa pagbaha—bago pa man magkaroon ng anumang masamang lagay ng panahon at mahuli ang lahat.

Patuloy na mas mataas ang panganib ng pagbaha hangga't hindi nagkakaroon muli ng mga halaman -- na hanggang 5 taon pagkatapos ng wildfire. Ang pagbaha at pinsalang dulot ng pagbaha pagkatapos ng sunog ay kadalasang mas malala, dahil maaaring sumama sa pag-agos ng putik ang mga kalat at abo na naiwan mula sa sunog. Habang dumadaloy ang tubig-ulan sa nasunog at natigang na lupa, maaari ring sumama rito ang lupa at mga latak at madala sa pag-agos ng mga tubig-baha. Maaari itong magdulot ng mas malaking pinsala. Hinihimok ang mga residente at may-ari ng negosyo na bumili na ngayon ng insurance para sa pagbaha upang matiyak ang pinansyal na proteksyon mula sa pagbaha.

Bawasan ang Iyong Panganib

Hindi kailangang maging isang malubhang sakuna ang pagbaha para magdulot ng malalaking gastusin mula sa sariling bulsa, at hindi kailangang nakatira ka sa isang lugar na may mataas na panganib ng pagbaha para makaranas ng pinsalang dulot ng pagbaha. Sa katunayan, mula 2014 hanggang 2018, ang mga policyholder sa labas ng mga lugar na may mataas na panganib ng baha ang naghain sa mahigit 40% ng lahat ng



Fact Sheet ng FEMA Tungkol sa Pagbaha Pagkatapos ng Sunog

claim sa insurance para sa pagbaha sa NFIP at nangailangan ng isang-katlo ng pederal na tulong sa sakuna para sa pagbaha. Dapat tandaan ng mga may-ari ng ari-arian na:

- **Bumili ng Insurance para sa Pagbaha.** Ang karamihan sa mga karaniwang policy ng may-ari ng bahay ay hindi sumasaklaw sa pinsalang dulot ng pagbaha. Pinoprotektahan ng insurance para sa pagbaha ang iyong pamumuhunan at nagbibigay ito ng kapanatagan ng isip. Makipag-usap sa iyong ahente ng insurance tungkol sa mga murang opsyon ng National Flood Insurance Program (Pambansang Programa sa Insurance para sa Pagbaha).
- **Maghanda na Ngayon.** Mag-ipon ng mga supply para sa panahon ng bagyo, patibayin ang iyong tahanan laban sa pagkasira, at suriin ang mga saklaw ng iyong insurance. Walang insurance para sa pagbaha? Tandaan: karaniwang inaabot ng 30 araw bago maging epektibo ang isang bagong policy ng insurance para sa pagbaha, kaya kumuha na ng policy mo ngayon.
- **Magplano nang Maaga.** Planuhin ang mga ruta sa paglikas. Itago ang mahahalagang papeles sa ligtas at hindi mababasang lugar. Magsagawa ng imbentaryo sa bahay; isa-isahin at kunan ng mga larawan ang mga ari-arian at loob at labas ng iyong tahanan.



FEMA

Nobyembre 2020 1

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa insurance sa pagbaha, mangyaring tumawag sa iyong ahente ng insurance o makipag-ugnayan sa National Flood Insurance Program Call Center (NFIP) sa 877-336-2627. Bisitahin ang National Flood Insurance Program sa [floodsmart.gov](https://www.floodsmart.gov) upang matuto pa tungkol sa panganib ng baha at insurance para sa pagbaha.

Mga Mabilisang Detalye ng NFIP

Alinsunod sa pederal na batas, karaniwang may 30 araw na panahon ng paghihintay mula sa petsa ng pagbili hanggang sa magkabisang saklaw ng insurance para sa pagbaha, maliban sa iilang pagbubukod.

Tinutukoy bilang Pagbubukod Pagkatapos ng Wildfire*, ang karaniwang 30 araw na panahon ng paghihintay ay hindi nalalapat sa mga bagong policy kung, sa panahon ng iyong pinsala dahil sa baha, ay natugunan ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

1. Ang sakop na ari-arian ay nagkaroon ng pinsalang dulot ng baha na nagmula sa pederal na lupain; at
2. Ang mga kundisyon pagkatapos ng wildfire sa pederal na lupain ay nagdulot o nagpalala sa pagbaha; at
3. Binili ng policyholder ang policy:
 - a. Bago ang petsa ng pagkontrol sa sunog; o
 - b. Sa loob ng 60 araw sa kalendaryo kasunod ng petsa ng pagkontrol sa sunog.

Para sa mga layunin ng Pagbubukod Pagkatapos ng Wildfire, ang pederal na ahensya na responsable para sa lupain kung saan umiiral ang mga kundisyon pagkatapos ng wildfire ang tutukoy sa petsa ng pagkontrol sa sunog.

***Ang Pagbubukod Pagkatapos ng Wildfire mula sa 30 araw na panahon ng paghihintay ay tutukuyin nang depende sa sitwasyon sa panahon ng pinsala gamit ang mga pamantayan sa itaas.**